

Ota City Navigation



2020.07

Tungkol sa Haneda Innovation City




Ang Haneda Innovation City ay isang bagong lungsod na lilikha ng bagong industriya at halaga sa pamamagitan ng pagsasama ng "Social Innovation" at "Japan Presentation" na mabubuo sa paligid ng Haneda Airport. Ang mga taong bibisita sa lungsod ay makakaranas ng mga makabagong teknolohiya tulad ng sensor-type self-driving bus na walang drayber, display na maaring paganahin nang walang pisikal na paghawak at gamit lamang ang projection sa hangin, o kaya mga AI robot na nagbibigay ng tourist information, atbp. Bilang karagdagan, pinag-aaralan din ang mga sumusunod na inisyatibo upang maiparanas sa lahat ang kulturang Hapon. Asahan niyong lahat ito.



Walking deck (Innovation corridor)

Ito ang pangunahing linya na kokonekta sa bawat gusali. Maraming mga kainang naghahain ng mga Japanese food tulad ng sushi at tempura pati na rin ang gourmet food ng Ota City na tinatawag na "hanetsuki gyoza".



Footbath Sky Deck

Maari niyong panoorin ang mga dumarating o umaalis na mga eroplano mula sa Haneda Airport habang nagbababad ng paa sa libreng footbath.



Mga komersyal na pasilidad na nagpaparanas ng kulturang Hapon

Maari niyong maranasan ang paghahalo ng totoong mundo at virtual reality sa pamamagitan ng digital art, mga immersive na produksyon, at pinakabagong teknolohiya. Ito ay isa sa mga pasilidad kung saan maari mong maranasan ang pagsasama ng Social Innovation at Japan Presentation na natatangi sa lungsod na ito.

I-scan ito para sa mga detalye

Official website ng "Haneda Innovation City"



Direksyon

Pangalan ng lungsod: Haneda Innovation City
Kilala bilang: "HICity" (Binibigkas bilang "H.I.City")

Lokasyon

1-Chome-1-4 Haneda Airport
Direktang nakakonekta sa "Teikubashi Station" ng Keikyu Airport Line at Tokyo Monorail
May paradahan para sa mga bisikleta at sasakyan

Gamitin ang app para sa paghihiwalay ng basura.

Ipinakilala namin ang isang libreng smartphone app para sa mga recyclable at basura. Maraming kapaki-pakinabang na mga kakayahan tulad ng kalendaryo ng mga araw ng pagtapon ng basura, hanapin sa diksyunaryo ng paghihiwalay ng mga basura ang mga basurang hindi mo alam kung saan ikakategorya at pagbibigay notipikasyon bago at mismong araw ng koleksyon. Gamitin natin ito.

Ma-download ang "Ota City Garbage Separation" mula sa App Store o ang "Ota City Garbage Sorting App" sa Google Play.

App Store



Google Play



Makipag-ugnay sa

Sanitation Division
☎ 03-5744-1628 FAX 03-5744-1550
E-mail kan-seso@city.ota.tokyo.jp



Magkakaroon ng pagkuha ng census ng 2020

Search

Tungkol sa sarbey

Isasagawa sa buong bansa ang pambansang census simula Oktubre 1. Anuman ang edad o nasyonalidad, lahat ng taong naninirahan sa Japan ay isasama sa sarbey. Ang resulta ng sarbey ay magiging pangunahing datos para sa mga isyung haharapin ng nasyonal o ng mga lokal na gobyerno. Hinihingi namin ang inyong kooperasyon.

Makipag-ugnay sa

Community Activities Promotion Division,
Statistics and Research Section
☎ 03-5744-1186 FAX 03-5744-1518
E-mail toukei@city.ota.tokyo.jp

Search

Paraan at tagal ng panahon ng pagkuha ng sarbey

Simula unang bahagi ng Setyembre, ang mga magsa-sarbey ay magpupunta upang mamahagi ng mga dokumento para sa sarbey. Mangyaring tumugon sa pamamagitan ng internet o gamit ang form para sa sarbey (may nakalakup na sobre para sa pagsusumite) Ang panahon ng pagtugon ay mula Setyembre 14 hanggang Oktubre 7.



Binago ang mga regulasyon para sa mga bisikleta.



Noong Oktubre 1, 2019, binago ang "Mga regulasyon sa Ota City na may kinalaman sa angkop na paggamit ng bisikleta, atbp. at ang pagpapanatili ng mga parking para sa mga bisikleta, atbp." sa Ota City at inobligahan ang lahat na sumunod sa batas trapiko para sa mga bisikleta. Bilang karagdagan, mula Enero 1, 2020, [inoobligahan ang mga gumagamit ng bisikleta na gumawa ng mga hakbang upang maiwasang manakawan tulad ng pagla-lock ng bisikleta, atbp.](#)

Sa mga nakaraang taon, ang bilang ng aksidente sa bisikleta ay tumataas sa Ota City. Sa loob ng bansa, nagkakaroon ng mga kasong may mataas na kompensasyon kung saan naging salarin ang bisikleta at kahit sa Tokyo, mula Abril 1, 2020, [obligado na ang pagpapamiyembro sa liability insurance para sa mga bisikleta.](#) Sundin natin ang mga patakaran

at kaugalian sa paggamit ng bisikleta at siguraduhin ang kaligtasan ng inyong sarili at ng inyong kapwa.

Bilang karagdagan, ang Ota City ay isang lugar kung saan maraming ninanakaw na bisikleta. Sa mga nanakaw na bisikleta, marami ay ang mga hindi naka-lock, at marami din ang mga nananakaw mula sa mga paradahang ng bisikleta o paligid ng bahay. Pagkababa ng bisikleta, mangyaring gumawa tayo ng hakbang upang hindi manakawan tulad ng pag-lock, atbp. Ang pag-lock sa dalawang parte ng bisikleta ay epektibong paraan.

Makipag-ugnay sa

Urban Infrastructure Development
Management Division, Road Safety /
Comprehensive Planning for Bicycles Section
☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527
E-mail toshikan@city.ota.tokyo.jp

Tungkol sa pagbabayad ng resident tax (Ikalawang yugto)

Ang ikalawang deadline para sa pagbabayad ng special ward tax / metropolitan inhabitant tax (resident tax) ay sa Agosto 31. Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Ang ikatlong deadline ng pagbabayad ay sa Nobyembre 2. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa

konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

Makipag-ugnay sa

Tax Payment Division
☎ 03-5744-1205 FAX 03-5744-1517
URL <https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/zeikin/>

Pag-refund ng mga medikal na gastos matapos maging diskuwalipikado mula sa National Health Insurance

Kung magpapamiyembro kayo ng health insurance ng inyong pinagtatrabahuhan o kaya naman ay lumipat kayo paalis ng Ota City, siguraduhing magbigay abiso ng inyong pag-alis mula sa Ota City national health insurance at ibalik ang Ota City health insurance card. Kung magpapamiyembro kayo ng health insurance ng inyong pagtatrabahuhan o kaya naman ay lumipat kayo paalis ng Ota City, mawawalan kayo ng kwalipikasyon sa Ota City Health insurance mula sa araw na magpapamiyembro kayo sa ibang health insurance o sa araw ng inyong paglipat paalis ng Ota City. Dahil dito, hindi niyo na magagamit ang Ota City National Health Insurance. Kung gamitin niyo ang health insurance card ng Ota City National Health Insurance upang magpacheck-up sa isang medikal na institusyon sa panahon na hindi kayo kwalipikado, kailangan niyong ibalik ang gastos na binayaran ng Ota City (70%-80% ng kabuuan ng medikal na gastos) at kinakailangan niyong sariling mag-claim sa kinabibilangan niyong health insurance. Kung magpacheck-up kayo sa isang medikal na institusyon bago mabigyan ng bagong health insurance card, mangyaring kumonsulta sa health insurance na nagpoproseso nito at ipaalam sa medikal na institusyong inyong pupuntahan na kasalukuyang pinoproseso ang inyong card.

Makipag-ugnay sa

National Health Insurance and National Pension Division, National Health Insurance Benefit Section
☎ 03-5744-1211 FAX 03-5744-1516
<https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/kokunen/kokuho/kanyuu.html>



Mangyaring gamitin ang "Gabay sa Elementarya Para sa mga Banyagang Guardian."

Para sa mga banyagang bata at kanilang mga guardian na nais mag-aral sa isang elementarya sa Ota City.

Ang mga elementarya sa Japan ay may mga ibang sistema at panuntunan kaysa sa inyong bansa. Iniisip mo bang ipasok ang iyong anak sa elementarya ngunit madami kang hindi maintindihan kaya di mo alam kung papaano? Gumawa kami ng booklet upang maibsan kahit kaunti ang inyong pag-aalala at panatag niyong maipasok ang inyong mga anak sa elementarya. Mangyaring basahin niyo ito.

Pangunahing nilalaman

- Mga dapat gawin bago pumasok sa elementarya
- Isang taon ng elementarya
- Buong araw sa eskwela
- Mga dapat gawin ng guardian (Ama at Ina)
- Mga babayaran at magagastos sa eskwelahan
- Mga salitang gamit sa eskwelahan atbp.

Saan

Mai-dadownload sa website ng Global City Ota Cooperation Association.
<https://www.ota-goca.or.jp/schoolguide/>

Magkano

Sa mga nais makakuha ng papel na booklet, maaring mabili ito sa Global City Ota Cooperation Association.
 Ang isang booklet ay 300 yen

Mga Wika

- Nilikha sa 6 na wika.
 Pareho ang lahat ng nilalaman
- Madaling Hapon
 - Tagalog
 - Ingles
 - Nepali
 - Intsik
 - Vietnamese



Pakiusap

Ang booklet na ito ay inilalarawan ang buod ng mga elementarya sa Ota City. Ang mga detalye ay nag-iiba sa bawat paaralan kaya siguraduhing tanungin ang mga guro sa elementaryang papasukan ng iyong anak.

Makipag-ugnay sa

Global City Ota Cooperation Association
 ☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
 E-mail info@ota-goca.or.jp
 URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Global City Ota Cooperation Association [Multilingual Consultation Desk]

Oras ng pagbubukas

Piskal na taong 2020	
Wikang Ingles	Lunes / Martes / Miyerkules / Biyernes 10:00 am ~ 5:00 pm
Wikang Intsik	Lunes / Martes / Huwebes / Biyernes 10:00 am ~ 5:00 pm
Wikang Tagalog	Lunes / Biyernes 10:00 am ~ 5:00 pm
Wikang Nepali	Miyerkules 10:00 am ~ 5:00 pm
Wikang Vietnamese	Huwebes 10:00 am ~ 5:00 pm

May mga iba pang suportadong wika. Mangyaring kumonsulta. Konsultasyon sa abogado (Kailangan ng reserbasyon): Una at ika-3 Linggo ng buwan 1:00 pm ~ 5:00 pm

Makipag-ugnay sa

Global City Ota Cooperation Association
 Multilingual Consultation Desk
 Address: 1F Consumer Center 5 Chome 13-26 Kamata, Ota-ku
 ☎ 03-6424-8822 FAX 03-5710-6330
 Email: info@ota-goca.or.jp

◇◇◇◇ Maaring gawin sa Multilingual Consultation Desk ◇◇◇◇

- Konsultasyon sa pamumuhay** Maaring kumonsulta sa iba-ibang wika tungkol sa inyong mga anak, kasal, divorce, trabaho o problema sa wika, atbp.
- Interpretasyon** Maari kang samahan ng isang interpreter sa pangunahing gusali ng pamahalaan ng Ota City Office upang magbigay ng interpretasyon para sa mga administratibong proseso.
- Pagsasalin** Maaring magsalin ng mga dokumentong ipapasa sa Ota City Office tulad ng mga sertipiko, atbp. May bayad. (500 yen bawat dokumento)

